

PROLOGUE

“Bago ang araw na matagpuang patay si Mrs. Claveria, wala ka bang napunang kakaiba sa mga ikinikilos o sinasabi niya?”

“Wala po, Sir,” may kasama pang iling ang sagot na iyon ni Jay sa imbestigador na may hawak sa kaso ng pagpaslang umano sa kanyang ina.

Napakasakit para sa kanya na wala ito. Ulilang-lubos na siya ngayon. Ang lalo pang mahirap tanggapin ay ang lumabas na ispekulasyon na maaaring sinadya itong patayin dahil sa natagpuang sulat sa drawer ng office table nito. Noong una ay inakala nilang altapresyon ang sanhi ng biglaang kamatayan nito, pero dahil sa misteryosong sulat ay naging palaisipan kung ano ang tunay na nangyari rito. Natagpuang walang-buhay ang ina ni Jay sa loob ng opisina nito sa munisipyo.

“Basahin mo uli itong sulat para sa nanay mo...” Iniabot sa kanya ng imbestigador ang dilaw na papel na nakasilid sa locked-in plastic bag. “Baka may maalala ka na maaaring makatulong sa imbestigasyon...”

Mula sa clear plastic ay binasa niya nang tahimik ang nakasaad, *Resign and leave San Isidro ASAP. Kung hindi, iisa-isahin ko ang pamilya mo. Nakaisa na ako.*

Lumalabas na may personal na galit sa ina ni Jay ang

nagpadala ng death threat. Municipal treasurer ng bayan ng San Isidro ang forty-four-year-old na si Mrs. Charito Claveria. Sa halos sampung taon nitong paninilbihan sa gobyerno ay walang anumang record na nakadisipalko ng pera mula sa kabang-yaman ng bayan.

“Hindi kaya naligaw lang sa mesa ni Mrs. Claveria ang sulat, Chief? Hindi naman tayo nakasisiguro na para sa kanya iyan dahil walang nakalagay na pangalan kung para kanino o kung kanino galing.” Tinig iyon ng isa pang pulis na kasama sa grupo ng imbestigador. “Walang kaalitan si Mrs. Claveria. Maging ang mga empleyado sa treasury department ay walang masabing negatibo sa kanya. Isa pa, ang autopsy result ay nagpatunay na walang anumang tinamong sugat ni gasgas sa katawan ang biktima.”

Napaisip ang chief investigator. “Kung gayon, ang puntong iyan ay mangangahulugan ng dalawang bagay—case closed dahil walang link sa kaso ang sulat o di kaya nama’y mas pagpapalawig pa ng imbestigasyon. Kung wala siyang kaalitan sa opisina, baka sa labas—iyong mga may kinalaman sa transaction ng munisipyo.”

*Maliban sa mga head of office ng munisipyo, sino pa ba ang may kapangyarihan um-access sa treasury? Si Mayor Olivarez. Agad inalis ni Jay sa isip ang pagdududa sa kanilang mabait na alkalde. Family friend ito ng mga Claveria at kumare ng mama niya ang maybahay nitong si Dra. Armida Olivarez. Nang malaman ni Mayor Olivarez na may ganoong uri ng sulat na nakuha sa opisina ng yumao ay agad nitong binuo ang *Task Force Claveria* para kung*

mapatunayang pinatay ang kaibigang ingat-yaman ay mabigyan ito ng hustisya.

Malamang naligaw lang ang sulat. Bago namatay ang ina niya ay wala namang ibang miyembro ng pamilya, ni sa buong angkan, ang namatay.

Ilang araw nang walang ganang kumain ang broken-hearted na si Kendra, pero dahil bibihirang mangyari na kompleto silang mag-anak sa hapag-kainan ay sinulit na lang niya ang pagkakataon.

Pagkatapos kumain ng hapunan ng pamilya Lim ay may inanunsyo ang padre de familia na si Ramoncito.

“Ngayong gabi, umpisahan na ninyong mag-empake. Sa makalawa ay aalis na tayo. Sa Quezon City muna tayo titira.” Iyon lang at tumalikod na ito.

“Yes!” may pasuntok pa sa hangin na wika ng kanyang nakababatang kapatid na si Kenna. “Sa wakas, makakarating na naman sa kabihasan!” Excited itong tumayo at agad nang pumanhik sa kuwarto sa itaas.

“Ikaw, Kyle, hindi ka ba masaya na kay Lola Rose na tayo titira?” tanong ng ina niyang si Editha sa bunso.

Hindi biological siblings ni Kendra ang dalawa, pero mahal niya ang mga ito na parang tunay na kapatid. Sino pa nga ba ang

pagtitiyagaan niyang mahalín gayung hindi na nagkaanak ang mommy niya matapos maoperahan sa matris. Walong taon ang tanda niya sa dalawa.

“Masaya po,” walang katotohanang pahayag ni Kyle. “Babalik pa ba tayo dito sa San Isidro, Mommy?”

Umikot ang mga mata at bumuntung-hininga ang kanilang ina bago sumagot, “Hindi ko alam sa ama ninyong may topak. Pero kung ako lang ang masusunod, ayoko nang bumalik dito.”

Actually, Mommy, pareho lang kayo ni Daddy. Kaya nga lumabas akong may malaki ding topak! ani Kendra sa isip.

For the first time, nagpasya ang ama niya na hindi sumalungat ang kanyang ina. Kanina nang ianunsyo nitong mag-empake at sa lalong madaling panahon ay lilipat sila, inasahan na niya ang pagsirena ng matinis na boses ng mommy nila, pero hindi iyon nangyari. Sumang-ayon pa ito sa pasya ng asawa.

Ano kaya’ng meron? At bakit biglaan ang paglipat namin?

Para masagot ang sariling katanungan ay palihim siyang nakinig sa usapan ng mga magulang. Bahagyang nakabukas ang pinto ng kuwarto ng mga ito at abala ang dalawa sa pag-eempake. Puwede naman palang magdikit ang mga ito nang hindi nagbabangayan.

“Bakit mga damit lang ang dadalhin natin? Paano ang mga muebles?” nagdududang tanong ng mommy niya. Hindi niya

alam kung selosa ito o sadya lang matalas ang woman's intuition kaya natutunugan ang mga escapades ng daddy niya. “Naku, Ramoncito, wala ka pa talagang balak iwan ang babae mo, ano! Siguro nag-away lang kayo at kapag nagkasundo ay babalik ka na naman dito.”

“Wala akong babae, Editha!” sopla ng daddy niya. As usual, iyon naman ang linya nito. “Kapakanan ni Kendra ang iniisip ko. Hindi mo ba siya nakikita kung gaano kalungkot sa pag-urong ni Jay sa kasal?”

Oh, how touching! Ako pala ang dahilan ng kaguluhang ito. Hindi naman gustong iwan ni Kendra ang bahay na ito kung saan siya lumaki at nagkaisip. Mana ito ng daddy niya sa inang si Rosario Lim.

“Wait, huwag mo ngang baliktarin. Pinagmumukha mong kawawa ang anak ko, eh. FYI, si Kendra ang umurong sa kasal. I'm proud to say, sinulsulan ko siya.”

“Idadamay mo pa sa kamiserablehan mo ang mga bata!”

“Ayoko siyang maging miserable kagaya ko, kaya pinayuhan ko siyang umurong sa kasal. Hindi siya liligaya sa piling ni Jay na kaugali mo. Aba, hindi pa lang sila naikakasal ay nambababae na!”

Napaluha siya sa narinig. Nasaling na naman ang makiroto na sugat na sanhi ng paghihiwalay nilang magnobyong. Ibinuhos niya rito ang buong pagmamahal at ibinigay ang lahat-lahat para makontento ito sa kanya. Pero katulad din pala ito ng daddy niya

na hindi kontento sa iisang babae. Tama ang mommy niya, hindi niya dapat piliin ang landas na tinahak nito.

Mahal na mahal niya si Jay. He was her first in everything—first crush, love, kiss and he was the first man in her life. Ang akala niya ay natagpuan na niya ang kanyang ‘the one’, iyon pala ay ‘the one’ na magtuturo sa kanya ng leksyon.

I hate you, Jay! Ano pa ang puwede kong ibigay sa lalaking susunod kong mamahalin? Naibigay ko na sa iyo ang lahat!

“Nahuli mo na ba akong nambabae? Puro ka hinala,” narinig niyang singhal ng kanyang ama.

“Hindi pa... dahil magaling kang magtago!” punung-puno ng kumpiyansang sagot ng ina niya. “Kung hindi ka nambababae, saan mo ginagastos ang mga kinikita mo?”

Nag-umpisa na namang mag-away ang dalawa. Siguro tama na rin ang desisyon niyang umurong sa kasal. Baka kasi ganito rin ang maging future nila ni Jay.